**UNANG SUMATIBONG PAGSUSULIT SA MTB III**
**Unang Markahan**

I. Basahin ang tula sa ibaba at sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat sa patlang ang titik ng tamang sagot.

KUSA KONG GAGAWIN
Sa aming tahanan may mga tungkulin
Na dapat gampanan kasaping butihin
Magaa't mabigat kusa kong gagawin
Tiwala at husay ay pananatilihin.

Paglilinis ng bahay pati ng bakuran
Paghuhugas ng pinggan, pagdidilig ng halaman,
Pagpupunas ng alikabok, pagliligpit ng hinigaan
Kusang loob na gagawin na may kasiyahan.

______ 1. Ano ang mensahe ng tulang iyong binasa?
A. Mga dapat gawain sa tahanan.
B. Iba't ibang tungkulin na dapat ginagawa sa isang tahanan.
C. Paggawa ng mga gawain sa bahay na may kusang loob.
D. Lahat ng nabanggit.

______ 2. Ano ang naramdaman mo matapos mong basahin ang tula?
A. Natuwa B. Nalungkot C. Nadismaya D. Nagulat

______ 3. Batay sa tulang iyong binasa, ano ang dapat na inililigpit pagkagising sa umaga?
A. Pinggan B. Halaman C. Higaan D. Bakuran

______ 4. Paano mo maipakikita na pinahahalagahan mo ang mga gawaing ibinigay sa iyo?
A. Maayos na susundin ang lahat ng gawain na iniatas sa akin.
B. Isasagawa ng mabuti ang lahat ng gawaing ng may tiwala sa sarili.
C. Iindintihin ang lahat ng ipinagagawa sa akin. D. Lahat ng nabanggit.

______ 5. Ano ang dapat mong maramdaman sa tuwing may mga gawaing ipinagagawa o iniaatas sa iyo?
A. Mainis B. Magdabog C. Magalak D. Magalit

**II. Suriin ang wastong salita ayon sa pagbaybay. Piliin at isulat sa patlang ang titik ng may wastong salita ayon sa pagbaybay.**

______ 6. **/em/ /ey/ /dzi/ /ey/ /el/ /ey/ /en/ /dzi/**
A. maalaga B. maasikaso C. magalang D. masunurin

______ 7. **/bi/ /yu/ /el/ /ey/ /key/ /el/ /ey/ /key/**
A. bundok B. bulaklak C. batis D. bakasyon

LIVEWORKSHEETS

______ 8.

| /es/ /ey/ /ar/ /ey/ /en/ /dzi/ /dzi/ /ow/ /el/ / ey/ |
|---|

**A.** sapatos  B. sabitan  C. saranggola  D. salamin

______ 9.

| /pi/ /ey/ /ti/ /ey/ /el/ /ey/ /es/ /ti/ /ey/ /es/ |
|---|

**A.** paaralan  B. patalastas  C. pangarap  D. palatuntunan

______ 10.

| /di/ /ay/ /es/ /ti/ /ey/ /en/ /es/ /way/ /ey/ |
|---|

**A.** dekorasyon  B. disenyo  C. desisyon  D. distansya

______11.

| /ey/ /key/ /el/ /ey/ /ti/ |
|---|

A. alis  B. anim  C. aklat  D. alat

______12.

| /ey/ /el/ /si/ /ow/ /eyts/ /ow/ /el/ |
|---|

A. alagaw  B. alcohol  C. almusal  D. aloevera

______13.

| /key/ /ey/ /el/ /i/ /es/ /ey/ |
|---|

A. kalesa  B. kalisa  C. kalsada  d. kalma

**III.** Suriin ang mga pangngalan**.** Isulat ang P kung Pamilang at DP naman kung Di-Pamilang.

______14 

______15. 

16.______ 

______17. 

________18. 

________19 . 

________20. 

Ulan

________21. 

________22. 

________23. 

**IV.** Basahin ang bawat bugtong. Piliin sa loob ng kahon ang wastong sagot at isulat sa patlang ang titik nito.

| | | |
|---|---|---|
| A. Saranggola | B. Gatas ng ina | C. Anino |
| D. Tubig | E. Kalendaryo | F. Hangin |
| G. Kasoy | | |

LIVEWORKSHEETS

_________ 24. Araw – araw namamatay
Taon – taon nabubuhay.

_________25. Ako'y may kaibigan,
Kasakasama ko sa tuwina.

_________ 26. Tubig na pinagpala, Walang makakuha kundi bata.

_________27. Hayan na, hayan na, di ko pa nakikita.

_________28. Isang prinsesa, nakaupo sa tasa.

_________ 29. Buto't balat, lumilipad

_________30. Espada ng hari, di mabali-bali

LIVEWORKSHEETS